

# **SUUNTO SMART SENSOR 1.1**

**GABAY NG GUMAGAMIT**

1	Welcome .....	3
2	Kaligtasan .....	4
3	Pagsisimula .....	7
	3.1 Paglalagay ng belt .....	7
	3.2 Pagpe-pair .....	9
4	Paggamit sa Suunto Smart Sensor .....	11
5	Pag-a-update ng firmware .....	14
6	Pangangalaga at suporta .....	15
	6.1 Mga gabay sa paggamit .....	15
	6.2 Pagto-troubleshoot .....	15
	6.3 Baterya .....	17
	6.4 Pagkuha ng suporta .....	17
7	Reperensya .....	19
	7.1 Mga teknikal na specification .....	19
	7.2 Pagsunod .....	20
	7.2.1 CE .....	20
	7.2.2 Pagsunod sa FCC .....	20
	7.2.3 IC .....	22
	7.3 Abiso ng patent .....	22
	7.4 Ang tatak-pangkalakal .....	22
	7.5 Warranty .....	22
	7.6 Copyright .....	25
	<b>Index .....</b>	<b>27</b>

# 1 WELCOME

Anuman ang sport mo, sinusukat ng Suunto Smart Sensor – ang pinakamaliit sa merkado na sensor ng bilis ng tibok ng puso na napapagana ng Bluetooth® Smart – ang bilis ng tibok ng puso mo sa maginhawang paraan at nagbibigay ito ng tumpak na impormasyon.


Kapag ginagamit na kasama ng mga Suunto Ambit3 sports watch o ng Suunto Movescount App, maaaring iimbak at ilipat ng Suunto Smart Sensor ang data tungkol sa bilis ng tibok ng puso mo.


May kasamang malambot, at komportableng heart rate belt ang Suunto Smart Sensor. Pwede rin itong ikabit sa sports apparel na compatible sa Movesense.


Suunto Smart Sensor ay compatible sa mga device na Bluetooth® Smart at Smart Ready.


## 2 KALIGTASAN

### Mga uri ng pag-iingat para sa kaligtasan


 **BABALA:** - ay ginagamit may kaugnayan sa isang pamamaraan o sitwasyon na maaaring magdulot ng malubhang pinsala o pagkamatay.

 **MAG-INGAT:** - ay ginagamit may kaugnayan sa isang pamamaraan o sitwasyon na magdudulot ng pinsala sa produkto.

 **PAALALA:** - ay ginagamit upang bigyang-diin ang mahalagang impormasyon.

 **TIP:** - ay ginagamit para sa mga ekstrang payo kung paanong gagamitin ang mga feature at function ng device.

### Mga pag-iingat para sa kaligtasan

 **BABALA:** MAAARING MAGKAROON NG MGA ALERHIYA O IRITASYON SA BALAT KAPAG NAKADIKIT SA BALAT ANG PRODUKTO, KAHIT PA SUMUSUNOD ANG AMING MGA PRODUKTO SA MGA PAMANTAYAN NG INDUSTRIYA. KAPAG NANGYARI ITO, IHINTO KAAGAD ANG PAGGAMIT AT KUMONSULTA SA DOKTOR.

**⚠️ *BABALA:*** PALAGING KUMONSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO SIMULAN ANG ISANG PROGRAMA NG PAG-EEHERSISYO. MAAARING MAGDULOT NG NAKAMAMATAY NA PINSALA ANG SOBRANG PAGBUHOS NG LAKAS.

**⚠️ *BABALA:*** GINAGAMIT NG MGA TAONG MAY PACEMAKER, DEFIBRILLATOR, O IBA PANG NAKA-IMPLANT NA ELECTRONIC NA DEVICE ANG TRANSMITTER BELT SA KANILANG PANSARILING PAKIKIPAGSAPALARAN. BAGO SIMULAN ANG UNANG PAGGAMIT NG TRANSMITTER BELT, INIREREKOMENDA NAMIN ANG ISANG PAGSUBOK SA PAG-EEHERSISYO SA ILALIM NG PANGANGASIWA NG ISANG DOKTOR. TITIYAKIN NITO ANG KALIGTASAN AT PAGKAMAAAASAHAN NG PACEMAKER AT NG TRANSMITTER BELT KAPAG GINAGAMIT NANG MAGKASABAY. MAAARING MAY ILANG PANGANIB SA PAG-EEHERSISYO, LALO NA SA MGA NAGING HINDI AKTIBO NG ILANG PANAHON. MAHIGPIT KA NAMING IPINAPAYUHAN NA KUMONSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO MAGSIMULA NG ISANG REGULAR NA PROGRAMA SA PAG-EEHERSISYO.

**⚠️ *BABALA:*** GAMIT PARA SA PAGLILIBANG LAMANG.

**⚠️ *MAG-INGAT:*** HUWAG MAGPAPAHID NG ANUMANG URI NG SOLVENT SA PRODUKTO, DAHIL MAAARING MAPINSALA NITO ANG PANG-IBABAW NA BAHAGI.

**⚠ MAG-INGAT:** HUWAG MAGPAPAHID SA PRODUKTO NG PANGONTRA SA INSEKTO (INSECT REPELLENT), DAHIL MAAARING MAPINSALA NITO ANG PANG-IBABAW NA BAHAGI.

**⚠ MAG-INGAT:** HUWAG ITATAPON ANG PRODUKTO, KUNDI'Y ITURING ITO BILANG ISANG BASURANG ELEKTRONIKO PARA MAPANGALAGAAN ANG KAPALIGIRAN.

**⚠ MAG-INGAT:** HUWAG IBABANGGA O IBABAGSAK ANG DEVICE, DAHIL MAAARI ITONG MASIRA.

## **3 PAGSISIMULA**


Pagkatapos ng ilang simpleng hakbang, handa ka nang gamitin ang iyong Suunto Smart Sensor upang makakuha ng wastong feedback tungkol sa tindi ng pag-eehersiyo mo.

### **3.1 Paglalagay ng belt**


Upang simulang gamitin ang Suunto Smart Sensor at ang heart rate belt:

1. Ikabit nang mabuti ang sensor sa belt connector.
2. I-adjust ang haba ng belt ayon sa kinakailangan.
3. Basain nang kaunti ng tubig o electrode gel ang mga bahagi ng belt na may mga electrode.
4. Isuot ang belt upang mahigpit itong nakakabit at kita ang Suunto log.


1.



3. - 4.



Awtomatikong bubukas ang belt kapag nakatukoy ito ng tibok ng puso.

 **TIP:** *Isuot ang belt sa bahagi ng katawang walang damit para sa mga mas magandang resulta.*

Suunto Smart Sensor maaari ring gamitin kasama ng compatible na damit pang-sports na Movesense, gaya ng Movesense t-shirt at sports bra mula sa Salomon. Basain lamang nang kaunti ang bahagi ng damit na may electrode at ikabit nang husto ang sensor sa pangkabit sa damit.



## 3.2 Pagpe-pair

Kailangan mong ikonekta (i-pair) ang Suunto Smart Sensor sa compatible na Bluetooth® Smart o Smart Ready na mga device para makita ang bilis ng tibok ng puso mo. Ang mga ito ay maaaring, halimbawa, ang mga relong pang-sports ng Suunto, o mga mobile device na may mga sports app gaya ng Suunto Movescount App.

Maaaring iba-iba ang pamamaraan ng pagpe-pair, kaya sumangguni sa mga tagubilin ng mobile application o relong pang-sports para sa gabay. Kapag nagpe-pair, tiyaking ikaw ay nasa kahit 10 m (33 ft) na layo mula sa iba pang mga Bluetooth na sensor.

Maaari mong i-pair ang belt sa iba-ibang relong pang-sports at app, pero isang koneksyon lang ang maaaring aktibo sa bawat pagkakataon.

Upang mag-pair sa Suunto Ambit3 Peak o Sport:

1. I-activate ang iyong Suunto Smart Sensor sa pamamagitan ng pagsuot nito at pagbabasa nang kaunti sa mga electrode.
2. Sa iyong relo, pindutin nang matagal ang [Next] upang makapasok sa menu ng mga opsyon.
3. Mag-scroll sa **PAIR** (I-pair) sa [Light Lock] at piliin sa pamamagitan ng pagpindot sa [Next].
4. Mag-scroll sa **HR belt** (HR belt) sa **LIGHT LOCK** (Light Lock) at piliin sa pamamagitan ng pagpindot sa **NEXT** (Susunod).
5. Hintaying maghanap at mag-pair ang relo sa iyong Suunto Smart Sensor.

Upang mag-pair sa Suunto Movescount App:


1. I-activate ang iyong Suunto Smart Sensor sa pamamagitan ng pagsuot nito at pagbabasa nang kaunti sa mga electrode.
2. I-on ang Bluetooth sa iyong mobile device at simulan ang Suunto Movescount App.
3. Sundin ang mga tagubilin sa app upang ikonekta ang iyong Suunto Smart Sensor.

## 4 PAGGAMIT SA SUUNTO SMART SENSOR

Pwede mong gamitin ang iyong Suunto Smart Sensor upang i-record ang bilis ng tibok ng puso mo at makakuha ng tumpak na impormasyon sa pagkonsumo ng calorie sa malawak na hanay ng aktibidad, mula sa matinding pag-eehersisyo hanggang sa paglalakad sa parke.

Upang gamitin ang iyong Suunto Smart Sensor:

1. Isuot ang iyong Suunto Smart Sensor (tingnan ang *3.1 Paglalagay ng belt*).
2. Simulan ang iyong pagre-record sa naka-pair na sports watch (tingnan ang *3.2 Pagpe-pair*).
3. Tapusin ang iyong aktibidad at itigil ang pagre-record sa iyong sports watch.
4. Hugasan ang heart rate belt mo o iba pang kasuotang Movesense (tingnan ang *6.1 Mga gabay sa paggamit*).

 **PAALALA:** Patuyuin ang balat na nasa ilalim ng mga belt electrode. Ang maluwag na belt at ang mga synthetic na materyales ng damit ay maaaring magsanhi ng mga hindi normal na pagbasa ng bilis ng pagtibok ng puso. Basain nang kaunti ang mga belt electrode at sikipan ang belt upang maiwasan ang mga labis na pagtaas ng bilis ng tibok ng puso. Kung nag-aalala ka tungkol sa bilis ng tibok ng puso mo, mangyaring kumonsulta sa doktor.

## Memory function

Kung ginagamit mo ang iyong Suunto Smart Sensor kasama ng mga Suunto sports watch o ng Suunto Movescount App, maaari mong i-record ang data ng bilis ng tibok ng puso mo kapag lumalangoy ka o sa kahit anong aktibidad kung saan hindi kombinyente ang paggamit ng relo o smartphone.

Upang magamit ang memory function ng Suunto Smart Sensor:

1. Isuot ang iyong Suunto Smart Sensor (tingnan ang *3.1 Paglalagay ng belt*).
2. Simulan ang iyong pagre-record ng aktibidad sa Suunto sports watch o sa Suunto Movescount App.
3. Tiyaking nare-record ang bilis ng tibok ng iyong puso, at pagkatapos ay iwanan ang iyong relo o ang mobile device (halimbawa, sa isang locker).
4. Tapusin ang iyong aktibidad nang normal, habang suot ang Suunto Smart Sensor sa buong pagkakataon.
5. Balikan ang iyong relo o smartphone at itigil ang pagre-record bago mo alisin ang iyong Suunto Smart Sensor.
6. Alisin at hugasan ang iyong Suunto Smart Sensor o iba pang Movescount na kasuotan (tingnan ang *6.1 Mga gabay sa paggamit*) pagkatapos itigil ang pagre-record ng ehersisyo.

Ang memory function ay ginagamit din para mag-buffer ng data sa tuwing pansamantalang nawawala ang signal para sa bilis ng tibok ng puso mo mula sa Suunto Smart Sensor patungo sa iyong Suunto sports watch. Naililipat kaagad ang hindi nakuhang data pagkabalik ng koneksyon.

Nire-record ng iyong Suunto Smart Sensor ang R-R data. Ang pinakamahabang oras ng pagre-record ay depende sa tindi ng iyong aktibidad. Karaniwan, ang Suunto Smart Sensor ay nakakapag-record ng 3.5 oras ng aktibidad nang may average na bilis ng tibok ng puso na 120 bpm.



**PAALALA:** *Kapag ginagamit ang memory function, mas nakokonsumo ang baterya sa Suunto Smart Sensor kung ihahambing sa normal na paggamit sa isang compatible na sports watch.*

## 5 PAG-A-UPDATE NG FIRMWARE

Maaaring i-update ang firmware ng Suunto Smart Sensor sa pamamagitan ng Suunto Movescount App Kung may available na update, ipo-prompt ka na mag-update sa pamamagitan ng app.

Upang i-update ang firmware ng Suunto Smart Sensor:

1. Kung hindi mo pa nagagawa, i-pair ang iyong Suunto Smart Sensor sa Suunto Movescount App (tingnan ang *3.2 Pagpe-pair*).
2. I-tap ang icon ng mga setting sa kanang sulok sa itaas ng app.
3. I-tap ang icon ng HR sensor. Kung may available na update, sundin ang mga tagubilin sa pag-update sa app.




**PAALALA:** *Kapag nag-a-update, kailangan ng koneksyon sa data. Maaaring may mga singil para sa koneksyon sa data ng carrier.*


## 6 PANGANGALAGA AT SUPORTA


### 6.1 Mga gabay sa paggamit

Ang parehong Suunto Smart Sensor module at belt ay dapat banlawan ng malinis na tubig pagkatapos ng bawat paggamit.

 **MAG-INGAT:** *Huwag hilahin ang Suunto Smart Sensor module upang tanggalin sa belt. Maaari nitong masira ang mga pangkonekta ng belt. Alisin ang snap nang paisa-isa.*

Dapat labhan ang belt sa machine sa 40° C pagkatapos ng bawat 2-3 pag-eehersisyo. Tingnan ang tag ng belt para sa karagdagang tagubilin sa paglalaba.

 **MAG-INGAT:** *Huwag labhan sa machine ang Suunto Smart Sensor module. Nasisira ng paglalaba sa washing machine ang module.*

 **PAALALA:** *Hindi mo kailangang palitan ang Suunto Smart Sensor module; ang Suunto Smart Sensor lang ang maaaring kailanganing palitan pagkatapos ng matagal na paggamit.*

### 6.2 Pagto-troubleshoot

Ang layo ng abot ng transmission ng Suunto Smart Sensor ay maaaring tatlong metro o higit pa kung maganda ang kondisyon.

Ngunit, para sa pinakamagandang mga resulta, bawasan ang mga nakaharang sa pagitan ng Suunto Smart Sensor at ng iyong relong pang-sports o mobile device. Panatilihin nasa harap mo ang relo o mobile o sa gilid sa isang bulsa o sa isang belt. Kapag pinanatiling nasa likuran mo ang iyong mga braso o kapag inilagay ang mobile device sa isang fanny pack, halimbawa, ang signal ng transmission mula sa Suunto Smart Sensor ay maaaring magambala o maapektuhan.

Kung mukhang hindi nakakapagpadala ng data ng bilis ng tibok ng puso ang Suunto Smart Sensor kahit na walang mga nakaharang, subukan ang alinman sa mga sumusunod:

1. Tiyakin na basa ang mga bahagi ng contact ng belt (mga electrode).
2. Isuot ang belt upang mahigpit itong nakakabit sa iyong dibdib.
3. Kung posibleng manuyo ang balat mo sa panahon ng workout, gumamit ng electrode gel.
4. Tingnan kung naka-on ang Bluetooth sa device kung saan naka-pair ang belt mo.
5. Palitan ang baterya sa sensor at i-pair muli sa iyong relong pang-sports o mobile device.

Kung mukhang nagpapadala ng maling data ang Suunto Smart Sensor, subukan ang alinman sa mga sumusunod:

1. Tiyakin na tama ang pagkakabit ng sensor sa belt, kung saan ang dalawang snap ay mahigpit na nakakabit.
2. I-pair muli ang belt sa iyong device na may Bluetooth.




## 6.3 Baterya

Ang Suunto Smart Sensor ay gumagamit ng 3-Volt lithium cell (CR 2025). Gamit ang Suunto Movescount App, maaari mong tingnan ang status ng baterya mula sa impormasyon ng device kapag nai-pair na ang Suunto Smart Sensor.

Upang palitan ang baterya:

1. Alisin ang sensor sa belt.
2. Buksan ang takip ng baterya.
3. Palitan ang baterya.
4. Mahigpit na isara ang takip ng baterya.



## 6.4 Pagkuha ng suporta

Upang makakuha ng dagdag na suporta, bisitahin ang [www.suunto.com/support](http://www.suunto.com/support). Doon ay makakakita ka ng detalyadong koleksyon ng mga materyales para sa suporta, kasama na ang Mga Tanong at Sagot, gayundin ng mga nagtuturong video. Maaari ka ring mag-post ng mga tanong nang direkta sa Suunto o mag-email/ tumawag sa mga propesyonal sa pagsuporta ng Suunto.

Marami ring how-to na video sa Suunto YouTube channel sa [www.youtube.com/user/MovesCountbySuunto](http://www.youtube.com/user/MovesCountbySuunto).

Inirerekomenda namin na irehistro mo ang iyong produkto upang makuha ang pinakamagandang naka-personalize na suporta mula sa Suunto.

Upang makakuha ng suporta mula sa Suunto:

1. Magparehistro sa [www.suunto.com/support/MySuunto](http://www.suunto.com/support/MySuunto), o kung nagawa mo na ito, mag-login at idagdag ang Suunto Smart Sensor sa **My Products** (Aking Mga Produkto).
2. Bisitahin ang [Suunto.com](http://Suunto.com) ([www.suunto.com/support](http://www.suunto.com/support)) upang makita kung naitanong/nasagot na ang iyong tanong.
3. Pumunta sa **CONTACT SUUNTO** (Makipag-ugnayan sa Suunto) upang magsumite ng tanong o tumawag sa amin sa alinman sa mga nakalistang numero sa suporta.

O kaya naman, padalhan kami ng email sa [support@suunto.com](mailto:support@suunto.com). Mangyaring isama ang pangalan ng produkto, serial number at detalyadong paglalarawan ng isyu.

Tutulungan ka ng kwalipikadong kawani sa customer support ng Suunto at, kung kinakailangan, ito-troubleshoot ang iyong produkto sa tawag din na iyon.

# 7 REPERENSYA


## 7.1 Mga teknikal na specification

### Module

- Timbang: 9.4 g/0.33 oz (kasama na ang baterya)
- Diyametro: 36.5 mm/1.44 in
- Kapal: 8 mm/0.32 in
- Temperatura sa pagpapagana: -20° C to +60° C/-5° F to +140° F
- Temperatura ng pagtataguan: -30° C to +60° C/-22° F to +140° F
- Water resistance (hindi pinapasok ng tubig): 30 m/98 ft (ayon sa ISO 6425)
- Uri ng baterya: CR2025
- Itatagal ng baterya: ~ 500 oras
- Frequency ng transmisyon: 2.4GHz (Bluetooth Smart)

### Belt

- Timbang: 31.2 g/1.10 oz
- Lapad: 30 mm/1.18 in
- Habang: (tingnan ang talahanayan sa ibaba)



Laki	Circumference ng dibdib
Maliit	56-82 cm / 22-32 in
Katamtaman	70-110 cm / 28-43 in
Malaki	96-160 cm / 38-63 in

## 7.2 Pagsunod

### 7.2.1 CE

Inihahayag ng Suunto Oy na ang device na ito ay nakasusunod sa mahahalagang hinihingi at iba pang kaugnay na probisyon ng Directive 1999/5/EC.

### 7.2.2 Pagsunod sa FCC

Ang device na ito ay sumusunod sa Part 15 ng mga Panuntunan ng FCC. Ang pagpapagana ay maaaring mapailalim sa sumusunod na dalawang kondisyon:

- (1) ang device na ito ay maaaring hindi magdulot ng nakapipinsalang interference, at
- (2) ang device na ito ay dapat tumanggap ng anumang dumadating na interference, kasama ang interference na maaaring magdulot ng hindi gustong paggana. Ang produktong ito ay nasubok nang sumusunod sa mga pamantayan ng FCC at itinakda para gamitin sa tahanan o opisina.

Ang mga pagpapalit o pagbabago na hindi hayagang naaprubahan ng Suunto ay maaaring magpawalang-bisa sa iyong awtoridad na paganahin ang device na ito sa ilalim ng mga regulasyon ng FCC.

PAALALA: Ang kagamitang ito ay nasubukan at napatunayan nang sumusunod sa mga limitasyon para sa Class B na digital device, alinsunod sa Part 15 ng Mga Panuntunan ng FCC. Idinisenyo ang mga limitasyong ito upang maglaan ng makatwirang proteksyon laban sa nakapipinsalang interference sa pagkakabit sa tahanan. Ang kagamitang ito ay bumubuo, gumagamit at maaaring maglabas ng radio frequency energy at, kung hindi ikinabit at ginamit nang naaayon sa mga tagubilin, maaari itong magdulot ng mapanganib na interference sa mga komunikasyon ng radyo. Gayunpaman, walang garantiya na hindi mangyayari ang interference sa isang partikular na pagkakabit. Kung magdudulot ng nakapipinsalang interference ang kagamitang ito sa pagsagap ng radyo o telebisyon, na maaaring malaman sa pamamagitan ng pag-o-off at pag-o-on sa kagamitan, hinihimok ang gumagamit na subukang itama ang interference sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isa o higit pa sa mga sumusunod na hakbang:

- Muling ayusin ang direksyon o posisyon ng antena.
- Mas ilayo pa ang kagamitan mula sa receiver.
- Isaksak ang kagamitan at receiver sa mga outlet sa magkaibang circuit.
- Kumonsulta sa dealer o isang bihasang technician ng radio/TV para sa tulong.

### **7.2.3 IC**

Ang device na ito ay sumusunod sa (mga) pamantayang license-exempt RSS ng Industry Canada. Ang paggamit ay sasailalim sa sumusunod na dalawang kondisyon:

(1) ang device na ito ay hindi maaaring magdulot ng interference, at

(2) ang device ito ay dapat tumanggap ng anumang interference, pati na ang interference na maaaring magdulot ng hindi nais na operasyon ng device.

### **7.3 Abiso ng patent**

Ang produktong ito ay protektado ng mga sumusunod na patent at ng nakabinbing aplikasyon sa patent at ng kanilang mga kaukulang pambansang karapatan: US 13/071,624, US 13/832,049, US 13/832,598, US 13/917,668, US 13/397,872, USD 667,127, US 8,386,009, US 8,750,959, US 8,814,574, US 8,886,281. Naka-file na ang mga karagdagang aplikasyon.

### **7.4 Ang tatak-pangkalakal**

Suunto Smart Sensor, mga logo nito, at iba pang tatak-pangkalakal ng Suunto at mga inimbentong pangalan ay mga nakarehistro o hindi nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Lahat ng karapatan ay nakareserba.

### **7.5 Warranty**

Tinitiyak ng Suunto na sa Haba ng Warranty na aayusin ng Suunto o ng isang Awtorisadong Service Center ng Suunto (mula dito ay

tatawaging Service Center), ayon sa sarili nitong kapasiyahan, ang mga depekto sa materyales o pagkakagawa nang walang bayad sa pamamagitan ng alinman sa a) pagkukumpuni, o b) pagpapalit, o c) pagsasauli sa bayad, alinsunod sa mga patakaran at kondisyon ng Limitadong Warranty na ito. Ang Limitadong Warranty na ito ay may-bisa lamang sa bansang pinagbilhan, maliban kung iba ang hinihingi ng lokal na batas.

## **Panahong Saklaw ng Warranty**

Ang Limitadong Haba ng Warranty ay nagsisimula sa petsa ng orihinal na pagbili. Ang Haba ng Warranty ay dalawang (2) taon para sa mga Produkto maliban kung may ibang itinakda para rito.

Ang Haba ng Warranty ay isang (1) taon para sa mga aksesorya, kabilang ngunit hindi limitado sa mga wireless na sensor at transmitter, mga charger, cable, rechargeable na baterya, strap, bracelet at hose.

## **Mga Hindi Kabilang at Limitasyon**

Hindi kasama sa Limitadong Warantiyang ito ang:

1. a) normal na pagkasira gaya ng mga gasgas, pilas, o pag-iiba ng kulay at/o ng materyal ng mga strap na hindi metallic, b) mga depektong mula sa di-maingat na paggamit, o c) mga depektong mula sa taliwas na o nirerekomendang paggamit, maling pag-iingat, pagpapabaya, at mga aksidenteng tulad ng pagkabagsak o pagkadurog;
2. mga naka-print na sanggunian at packaging;

3. mga depekto o di-umanong depektong dulot ng paggamit kasama ng ibang produkto, aksesorya, software at/o serbisyo na hindi gawa o hindi galing sa Suunto;
4. mga bateryang hindi nare-recharge.

Hindi ginagarantiyahan ng Suunto na ang paggana ng Produkto ay hindi maaantala o walang pagkakamali, o na gagana ang Produkto o aksesorya kasama ng anumang hardware o software na nagmumula sa isang ikatlong partido.

Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi maipapatupad kapag ang Produkto o aksesorya ay:

1. nabuksan nang lampas sa itinakdang paggamit;
2. nakumpuni gamit ang mga di-awtorisadong parte; binago o kinumpuni ng di-awtorisadong Service Center;
3. natanggal, binago o ginawang hindi na mababasa sa anumang paraan ang serial number, at ibabatay ito sa sa tanging pagpapasya ng Suunto; o
4. nababad sa mga kemikal kabilang ngunit hindi limitado sa sunscreen at mga panlaban sa lamok.

## **Paggamit sa serbisyo ng Suunto warranty**

Dapat ay magbigay ka ng katibayan ng pagbili para magamit mo ang serbisyo sa warranty ng Suunto. Para sa mga tagubilin kung paano kumuha ng serbisyo sa warranty, bumisita sa [www.suunto.com/warranty](http://www.suunto.com/warranty), makipag-ugnayan sa iyong lokal na retrailer ng Suunto, o tumawag sa Suunto Contact Center.



## **Limitasyon ng Pananagutan**

Hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng naaangkop na ipinapatupad na batas, ang Limitadong Warranty na ito ay ang natatangi at eksklusibong remedyo at na pumapalit sa lahat ng iba pang mga warranty, ipinabatid man o ipinahiwatig. Hindi mananagot ang Suunto para sa espesyal, incidental, pagpaparusa o mga kanahihinatnang sira, kabilang ngunit hindi limitado sa pagkawala ng mga inaasahang benepisyo, pagkawala ng mga data, pagkawala ng gamit, halaga ng kapital, halaga ng anumang pamalit na kagamitan o mga pasilidad, mga paghahabol sa ikatlong partido, pinsala sa ari-arian na nagmumula sa pagbili o paggamit sa device o nagmumula sa paglabag sa warranty, paglabag sa kontrata, pagpapabaya, masamang gawain, o anumang legal o nagagamit na teorya, kahit pa alam ng Suunto ang posibilidad ng mga nabanggit na sira. Ang Suunto ay hindi mananagot sa pagkaantala sa pagbibigay ng serbisyo ng warranty.

## **7.6 Copyright**

Copyright © Suunto Oy. Lahat ng karapatan ay nakareserba. Ang Suunto, mga pangalang ng produktong Suunto, ang kanilang mga logo at iba pang mga tatak-pangkalakal at pangalan ng marka ng Suunto ay mga nakarehistro o hindi nakarehistrong tatak-pangkalakal ng Suunto Oy. Ang dokumentong ito at ang mga nilalaman nito ay pag-aari ng Suunto Oy at inilalaan lamang para sa paggamit ng mga kliyente para makakuha ng kaalaman at impormasyon hinggil sa operasyon ng mga produkto ng Suunto. Ang mga nilalaman nito ay hindi dapat gamitin o ipamahagi para

sa anumang ibang dahilan at/o ipagsabi sa anumang paraan, ibunyag o kopyahin nang walang paunang nasusulat na pahintulot ng Suunto Oy. Habang ganap naming iningatang matiyak na ang impormasyong nilalaman ng dokumentong ito ay parehong komprehensibo at tumpak, walang garantiya sa katumpakan ang ipinapahayag o ipinapahiwatig. Ang nilalaman ng dokumentong ito ay sasailalim sa pagbabago anumang oras nang walang abiso. Ang pinakabagong bersyon ng dokumentong ito ay maaaring i-download mula sa [www.suunto.com](http://www.suunto.com)

# INDEX

## B

- baterya, 17
  - pagpapalit ng baterya, 17
  - uri ng baterya, 17

## P

- pagpe-pair, 9
  - pagpe-pair sa app, 9
  - pagpe-pair sa relo, 9
- pagsusuot ng belt, 7
- pagto-troubleshoot, 15

## S

- suporta, 17



# SUUNTO CUSTOMER SUPPORT

1. [www.suunto.com/support](http://www.suunto.com/support)  
[www.suunto.com/mysuunto](http://www.suunto.com/mysuunto)
2. AUSTRALIA +61 1800 240 498  
AUSTRIA +43 720 883 104  
CANADA +1 800 267 7506  
CHINA +86 010 84054725  
FINLAND +358 9 4245 0127  
FRANCE +33 4 81 68 09 26  
GERMANY +49 89 3803 8778  
ITALY +39 02 9475 1965  
JAPAN +81 3 4520 9417  
NETHERLANDS +31 1 0713 7269  
NEW ZEALAND +64 9887 5223  
RUSSIA +7 499 918 7148  
SPAIN +34 91 11 43 175  
SWEDEN +46 8 5250 0730  
SWITZERLAND +41 44 580 9988  
UK +44 20 3608 0534  
USA +1 855 258 0900